



*Panatilihing bulag at bingi ang kaaway*

## Magpakahusay sa lihim na pagkilos

**A**ng disciplina sa masikhay na paglilihim sa pagkilos ay kabilang sa mga tampok na kinakailangang katangi-an ng mga cadre at myem-bro ng Partido Komu-nista ng Pilipinas (PKP), kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at iba pang mga nakapaloob sa rebolusyonaryong kilusan. Isa ito sa mga susing salik sa likod ng kakayahan ng rebolusyonaryong kilusan na ipreserba at palakas-in ang sariling hanay, patuloy na epektibong mapag-lingkuran sambaya-nan at baha-baha-ging gapiin ang kaaway sa harap ng nag-iibayong bangis nito.

Lalo pa ngayong pinalalakas ng mga rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan ng PKP ang naturang disciplina at ang kanilang kakayahan sa lihim na geri-lyang pagkilos na sumasandig sa malalim at malawak na suporta ng masa. Sa harap ng nananatili pang sup-eryoridad ng kaaway at lakas-militar at ng tumitinding pasistang pananalakay nito, determinado ang Partido at BHB na pagkaitan ang kaaway ng pagkakataong makapagdulot ng mabigat na pinsala sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan.

**Pagpapalakas ng paniniktek ng kaaway.** Sa ba-langkas ng Operation Plan Bantay Laya 2 (OBL 2), des-



peradong naghahabol ang rehimeng Arroyo at ang Armed Forces of the Philippines (AFP) nito na makapagdulot ng maksimum na pinsala sa rebolusyonaryong kilusan bago ang 2010. Subalit maipagkakait natin ito sa kanila kung mapananatili natin silang bulag at bingi sa kasalukuyang lakas at mga balak ng mga rebolusyonaryong pwersa at sa aktwal na kinaro-onan at pagkilos ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusang lihim.

Todo-buhos ngayon ang pondo at pagsisikap ng AFP na maglunsad ng pinag-ibayong mga operasyong paniktik. Layunin nitong makapag-ipon ng mga kinakailangang impormasyon tungkol sa mga organo, cadre at tauhan ng Partido; mga yunit at upisyal ng huk-

bong bayan; at mga lider at kasapi ng mga organisasyong masa at galaw ng mga ito.

Masugid silang naghahanap ng lahat ng posibleng butas at bulnreabilitad na maaaring likhain ng kapabayaan sa bahagi ng mga rebolusyonaryong pwersa. Walang sawa silang naghihintay ng anumang pagkakataong magluwag sa disciplina at magkamali ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kanilang pagkilos upang masagpang ito at makapaglunsad ng tiyak at naka-mamatay na mga atake.

Habang ginagamit pa rin ng AFP ang paglalatag ng mga lambat paniktik at pisikal na pagmamanman, nitong mga nagdaang taon ay puspusan ang pagsisikap ng AFP na itaas ang kakayahan nito, gamit ang makabagong mga kagamitan at teknolohiya para sa elektronikong surbeylans o pagmamanman sa komunikasyong elektroniko. Panganahing dinidiinan nito ngayon ang surbeylans sa pamamagitan ng *cellphone*.

Kaugnay nito, binuo ng Intelligence Service of the AFP (ISAFP) ang MIG 21, isang bagong sangay

na nag-iispesyalisa sa gawaing ito. Ang iba't ibang yunit ng MIG ay binibigyan ng mga kagamitan sa pagsagap at pagsubaybay sa komunikasyon sa *cellphone* at *landline* sa kalsuran at kanayunan. May katumbas ding pagsisikap ang Philippine National Police Intelligence Group (PNP-IG) at iba pang ahensyang panseguridad ng gubyerno. Kalinsabay nito ay pinalalakas din ng iba't ibang yunit ng AFP, PNP at iba pang ahensyang panseguridad ang kakayahan nila sa iba pang mga paraan.

Todo rin ang suporta ng US sa mga operasyong paniktik ng AFP, PNP at iba pang ahensyang panseguridad. Nagbibigay ito ng mga pagsasanay sa gawaing paniktik at nagbibigay o nagpapahiram ng mga kagamitan. Bukod rito, nagsasagawa rin ang US ng sarili nitong mga operasyong paniktik sa pamamagitan ng pagpapalipad ng mga "spy plane," surbeylans sa pamamagitan ng "satellite" (mga kagamitan nasa labas ng himpapawid) at ibinibigay sa AFP ang mga nasasagap na impormasyon, at pagpapapasok sa mga eryang saklaw ng rebolusyonaryong kilusan para magpamilyarisa, magdevelop ng sariling mga asset at magsagawa ng iba pang pangmatagalang gawaing paniktik.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at recomendasyon sa ikaunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

*angbayan@yahoo.com*

*Ang Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

nibili nila o kaya'y ipinahihiram o ibinigay ng gubyerno ng US.

May ilang pagkataon nang mabigat na nakapaminsala ang kaaway sa mga rebolusyonaryong pwersa bunga ng kapabayaan sa seguridad at paglabag sa mga kinakailangang lihim na pagkilos. Kabilang dito ang ilang kahinaan sa pagtali-ma sa mga alituntunin sa disciplina ng Partido, ng BHB at kilusang lihim at mahigpit na paglapat ng mga aral mula sa mga naging pinsala sa nakaraan.

Nasamantala ng kaaway ang mga naging kahinaan ng ilang mga kasama sa pag-ugnay sa pamilya at iba pang taong tukoy ng kaaway. May ilang kahinaan din sa maling paraan ng pagtatabi at pagpapasa ng mga sensitibong dokumento at materyales. Tampok sa nakaraan ang kahinaan ng ilan sa labis na pagsalalay at lubhang maluwag na paggamit sa mga kagamitang elektroniko, pangunahin na ang *cellphone*. Marami ring kasos ng di maingat na paggamit sa *internet* at *email*.

**Palakasin ang kakayahan at pagsisikap sa paglilihim.** Lalong nagiging mahalaga ang pagpapalakas ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kakayahan at pagsisikap sa lihim na pagkilos dahil sa puspusang operasyong paniktik ng kaaway. Nakasalalay ito sa pagpapalakas sa determinasyon, tyaga at kahandaan sa sakripisyo ng mga rebolusyonaryong pwersa, pagpatupad ng disiplinang bakal, masusing pag-aaral at pagsisinop sa lahat ng ginagawa, at pagpapalim ng pag-ugat sa masa.



Kailangang ihanda ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang kani-lang mga isip sa pagharap sa mga kinakailangang sakripisyo at kaakibat na kahirapan. Hindi dapat labis na sumandig sa mga bagay na maginhawa pero pinagmumulan namang mga bulnerabilidad para sagpangin ng kaaway.


Inoobliga natin ang pinakamataas na disiplina sa ating mga kadre at myembro ng Partido, kumander at mandirigma ng hukbong bayan at pwersa ng rebolusyonaryong kilusang lihim. Sa lahat ng usaping maseselan at nangangailangan ng mahigpit na pagtalima sa seguridad, kailangan ang tuluy-tuloy na pag-aaral at pagsasanay ng lahat sa pagkilos nang sikreto, tahimik, maingat, at masinop.

Kailangang matuto ang lahat sa gerilyang pagkilos ng hukbong bayan na kinatatampukan ng mahigpit na pagsalalay sa suporta ng masa; ng masinsing pag-alam at masusing pagsusuri kapwa sa sitwasyon natin at ng kaaway; ng mahigpit na paglilihim sa kinaroroongan ng himpilan, sa pinanggalingan at patutunguhan sa paglalakad nang walang iniiwang palatandaan at bakas; at ng pagpapakahusay sa pagkilos at pagmamaniobra sa tabing ng kadiliman at mga katulad nito.

Dahil sa pinatinding elektronikong surbeylans ng kaaway, may partikular na diin tayong ibinibigay sa pag-iwas sa bulnerabilidad na dulot ng paggamit ng mga *cellphone*. Kailangan ng lahat ng saligang pag-unawa sa lahat ng bulnerabilidad at inabot nang kakayahang ng kaaway sa pagmamanman sa mga usapan at palitan ng *text* sa

*cellphone* at sa pagtukoy sa lokasyon ng minamanmanang *cellphone*.

Dapat magbuo at magpaunlad ng ligtas, mabisa at mabilis na sistema ng komunikasyon na sumasa-lalay pangunahin sa lalim ng suporta ng masa. Dapat itong ikombina sa pili, maingat, matalino, planado at disiplina-



dong paggamit ng iba pang sistema ng komunikasyon, karaniwan man o makabago.

Sa mahigpit na paghawak sa disiplina, paggamit ng pamamaraang gerilya, pagsalig sa malawak na suporta ng masa at pagsisigurado sa lahat ng pagkilos, maiwasan nating matukoy at mabitag ng kaaway, kabilang ang kanilang elektronikong surbeylans. Sa gayon, mapapawalang-saysay natin ang milyun-milyong piso nilang mga kagamitan sa surbeylans.

Mapapangalagaan natin ang mga tagumpay ng Partido, hukbong bayan, rebolusyonaryong kilusan at masa, maiwasan ang di kinakailangang malalaking kabiguan at matitiyak ang tuluy-tuloy na pagsulong ng rebolusyon.

AB

## Ano ang elektronikong surbeylans?


**A**ng elektronikong surbeylans ay paraan ng pagmamanman sa mga komunikasyong elektroniko sa pamamagitan ng mga kagamitang may makabagong teknolohiya. Sa pamamagitan nito, nagagawang subaybayan ng mga ahente ng estado ang mga usapan sa *cellphone*, *landline* o radyo, palitan ng *email* at paggamit sa *internet*. Maaari rin nilang tukuyin ang lokasyon ng mga target ng surbeylans. Ang tinatawag na *wiretapping* o pakikinig sa mga usapan sa *landline* o *cellphone* ay isang anyo ng elektronikong surbeylans.

Labag sa karapatan sa pribadong komunikasyon ang lahat ng anyo ng surbeylans. Ipinagbabawal ito sa nakaraan subalit ginagawa nang ligal sa pamamigtan ng Human Security Act. Gayunpaman, dati nang malawakan itong ginagamit ng mga ahensiya ng paniktik ng reaksyunaryong estado upang manmanan ang ma-

mamayan.

Partikular na target ng elektronikong surbeylans ang mga indibidwal at pwersang kumakalabang sa naghaharing rehimen at gumagamit ng mga komunikasyong elektroniko. Kabilang sa mga ito ang mga aktibista, mga

*sundan sa susunod na pahina*



pulitiko, mga organisasyong masa at kanilang mga himpilan, mga pinagsususpectsahang cadre at pwersa ng Partido Komunista at hukbong bayan, gayundin ang kanilang mga inuugnayang kaibigan, kamag-anak at mga simpatisador.

Ang mga impormasyong nakukuha rito ay ginagamit ng mga ahensyang panseguridad at pwersang miliitar sa kanilang kontra-rebolusyonaryong digma at kampanya ng panunupil, pananakot, pamamaslang, pagdukot.

Dahil maaaring malayuan at hindi halata ang surbeylans, kadalasang hindi "nararamdaman" ng mga target na sila ay minamanmanan. Upang makaiwas dito, dapat masusing alamin ang mga bulnerabilidad at gumawa ng mga plano kung papaanong maingat at matalinong magagamit ang mga modernong kagamitan sa komunikasyon.

#### **Ano ang mga bulnerabilidad sa paggamit sa cellphone?**

Ang *cellphone*, sa esensya, ay isang *two-way radio* (katulad ng HF, VHF o UHF radio). Ang mga pag-uusap at palitan ng *text* ay dumaraan sa himpapawid sa pamamagitan ng mga *radio signal*. Upang magamit ang isang *cellphone*, kailangang mayroong malapit na *cellsites* kung saan dumudugtong ang gamit na *cellphone* sa buong lambat ng mga *cellphone* na inilatag ng mga kumpanya sa telekomunikasyon (tulad ng Smart, Globe at Sun).

Dudugtong sa iba't ibang *cellsites* ang isang *cellphone* depende sa lokasyon nito. Kung maraming *cellsites* sa kalapit, dudugtong ito sa lahat ng mga ito. Kung walang malapit na *cellsites*, hindi makauugnay ang nasabing *cellphone* sa sistema at di magagamit sa komunikasyon.

Dahil tuluy-tuloy itong umuugnay sa mga *cellsites*

para magamit sa komunikasyon, madaling magamit ang mga *cellphone* bilang mga *tracking device* habang nakabukas ito. Laluna sa mga lugar na may mahigit isang *cellsites*, madaling matukoy ang relatibong eksaktong lokasyon ng isang *cellphone* sa pamamagitan ng *signal triangulation*—kung saan nalalaman ang lokasyon ng isang *cellphone* sa pamamagitan ng pagsukat ng magkakaibang la-kas ng signal na nakukuha ng mga kaugnayang *cellsites*.

Marami sa mga bagong labas na *cellphones* at iba pang kagamitan ay mayroong *locator* na gumagamit ng "Global Positioning System" (GPS). Ang lokasyon ng ganitong mga *cellphone* ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng mga *satellite*, bukod pa sa *signal triangulation*.

Madaling nasusubaybayan ang mga *cellphone*. Una, nagpapakilala ito sa mga *cellsites* at *network* sa pamamagitan ng pagpapadala ng impormasyon ng SIM (*subscriber identification module*) *card*. Dagdag pa, ipinadadala rin ng *cellphone* ang impormasyong IMEI (International Mobile Equipment Identifier) at ESN (Electronic Serial Number), mga numerong nakapaloob sa mga pyesa ng *cellphone*. Hindi napapatulan ang ESN ng isang *cellphone*. Kaya oras na masaklaw na ng pagmamanman ng kaaway ang isang *cellphone*, hindi na ito halos makaalpas sa lambat, gayundin ang sinumang kaugnayan nito, kahit pa mapalitan ang SIM at IMEI nito.

Bukod sa pagiging *tracking device*, maaaring masubaybayan din ang palitan ng *text* at mga usapan sa *cellphone*. Maaari itong gawin sa mismong mga pasilidad ng mga kumpanya ng *cellphone*. Mayroon ding pangmalapitang *scanner/tracker* sa surbeylans na nagsisilbing *transmitter* sa pagitan ng *cellphone* at *cellsites*.

Ang mas sopistikado at malalakas na "scanner/tracker" ay madaling ilipat-lipat ng lugar, gamit ang sasakyen. Ang mga mas simple ay maaaring bitbitin kahit ng isang tao. Sa pamamagitan nito, maaaring masubaybayan ang isang *cellphone*, mapakinggan ang usapan at mabasa ang mga mensaheng *text*, matukoy ang eksaktong lokasyon nito, malaman ang mga kaugnayan nitong *cellphone* at makuha ang numero ng iba pang *cellphone* sa paligid nito.

Mas bulnerable pa ang mga *cellphone* na may *bluetooth*. Gamit ang *bluetooth*, maaaring mabasa ng isang bitbit na kompyuter ang lahat ng mensahe, numero sa *address book* at iba pang impormasyong nilalaman ng *cellphone*.

Maaari ring gamiting *bugging device* o aparato sa pakikinig ang minamanmanang *cellphone* upang masagap ang mga usapan sa paligid nito, basta't nakabukas ito.

### Ano ang bulnerabilidad sa paggamit ng *internet*?


Ang *internet* ay ang internasyunal na sistema ng magkakarugtong na kompyuter. Sa *internet*, maaaring isagawa ang palitan ng impormasyon sa pagitan ng mga kompyuter kahit pa ilang libong kilometro ang layo ng mga ito sa isa't isa. Ang sistemang ito ay karaniwang ginagamit para sa palitan ng mga *computer file*, pagpapalitan ng mga sulat (*email* o *electronic mail*), pagtatawagan at iba pa.

Upang makarating ang isang *email* mula sa isang kompyuter patungo sa ibang kompyuter, ang impormasyong nilalaman niyon ay daraan sa iba't ibang kompyuter sa kinapapaloobang internasyunal na lambat. Samakatwid, ang isang mensahe o *file* ay maaaring masagap ng mga dinadaanang kompyuter at madaling mababasa ng iba kung hindi nakasayper ang mga ito.

Ang bawat impormasyong dumaraan sa *internet* ay naglalaman ng identifikasiyon kung anong kompyuter ito nagmula. Pangunahan sa mga ito ang tina-tawag na "IP (o *internet protocol*) address," isang numero na ibinibigay sa bawat isang kompyuter na nakadugtong sa *internet*. Gamit ang ganitong impormasyon, nagawa ng National Bureau of Investigation (NBI) na tukuyin ang bahay ng nagpaket ng "I love you virus" noong 2000. Natukoy din ng NBI ang ginamit na "internet cafe" (mga negosyong nagpaparakila ng mga kompyuter na pwedeng gamitin sa pag-akses sa *internet*) ng nagpadala ng pahayag na umako sa panununog ng sasakyang ABS-CBN sa Pasig noong 2005.


Sa layuning ma-*intercept* ang mga mensahe na itinuturing o pinagsususpetahang kontra sa interes ng US, inilunsad ng US-CIA sa ilalim ng proyektong "Echelon" ang programa para awtomatikong sumagap ng mga mensaheng dumaraan sa *internet*, batay sa mga susing salitang inilista nito (katulad ng salitang "rebolusyon", "komunismo", "kilusan", "imperialismo", atbp.). Tinitipon ang mga mensaheng ito, pati na ang pinanggalingan at pinadalhan nito, para pag-aralan ng kanilang mga ahente.

Mayroon ding mga bulnerabilidad sa paggamit ng mga *internet cafe*. Dahil ang mga kompyuter sa isang *cafe* ay magkakarugtong, mayroong paraan upang manmanan mula sa sentral na kompyuter ang lahat ng ginagawa sa bawat isang kompyuter. Maaari niyang imonitor ang mga kliyente nitong tumitingin sa mga partikular na *website* (tulad halimbawa ng [www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)).



Karaniwan din na mayroong mga "closed circuit camera" ang mga *internet cafe* na ginagamit laban sa mga kriminal, pero maaari ring gamitin sa ibang layunin. Possible ring gamitin ang mga *webcam* na nakakabit sa mga kompyuter para kumuha ng larawan ng mga gumagamit sa kompyuter. Mayroon ding mga ahente ng militar na umiikot sa mga *internet cafe* na nagmamasid sa mga kliyente at nagmamanman sa mga tumitingin sa mga *website* ng rebolusyonaryong kilusan at mga progresibong organisasyon.

Ang mga kompyuter na nag-akses sa *internet* ay bulnerable rin sa tinatawag na mga *virus*, *trojan* at iba't ibang mga *spyware*. Ang mga ito ay maliliit na programa sa kompyuter na pwedeng magbasa ng mga *file* o magpadala ng mga impormasyong nilalaman nito sa ibang kompyuter sa *internet*. Partikular na bulnerable ang mga kompyuter na gumagamit ng "Windows" na maraming mga butas sa seguridad na sinasamantala ng mga gumagawa ng mga *spyware*. Maaaring makuha ang mga *spyware* sa pagbisita sa ilang mga *website*, sa mga tinatanggap na *email* o maging sa mga *USB drive* na ikinakabit sa mga kompyuter na may *virus* sa *internet cafe*.



ANG

*Bayan*

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Espesyal na Isyu  
Hulyo 22, 2007

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

*Panatilihing bulag at bingi ang kaaway*

## Magpakahusay sa lihim na pagkilos

**A**ng disciplina sa masikhay na paglilihim sa pagkilos ay kabilang sa mga tampok na kinakailangang katangi-an ng mga cadre at myem-bro ng Partido Komu-nista ng Pilipinas (PKP), kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at iba pang mga nakapaloob sa rebolusyonaryong kilusan. Isa ito sa mga susing salik sa likod ng kakayahan ng rebolusyonaryong kilusan na ipreserba at palakas-in ang sariling hanay, patuloy na epektibong mapag-lingkuran sambaya-nan at baha-baha-ging gapiin ang kaaway sa harap ng nag-iibayong bangis nito.

Lalo pa ngayong pinalalakas ng mga rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan ng PKP ang naturang disciplina at ang kanilang kakayahan sa lihim na geri-lyang pagkilos na sumasandig sa malalim at malawak na suporta ng masa. Sa harap ng nananatili pang sup-eryoridad ng kaaway at lakas-militar at ng tumitinding pasistang pananalakay nito, determinado ang Partido at BHB na pagkaitan ang kaaway ng pagkakataong makapagdulot ng mabigat na pinsala sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan.

**Pagpapalakas ng paniniktek ng kaaway.** Sa ba-langkas ng Operation Plan Bantay Laya 2 (OBL 2), des-



peradong naghahabol ang rehimeng Arroyo at ang Armed Forces of the Philippines (AFP) nito na makapagdulot ng maksimum na pinsala sa rebolusyonaryong kilusan bago ang 2010. Subalit maipagkakait natin ito sa kanila kung mapananatili natin silang bulag at bingi sa kasalukuyang lakas at mga balak ng mga rebolusyonaryong pwersa at sa aktwal na kinaro-onan at pagkilos ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusang lihim.

Todo-buhos ngayon ang pondo at pagsisikap ng AFP na maglunsad ng pinag-ibayong mga operasyong paniktik. Layunin nitong makapag-ipon ng mga kinakailangang impormasyon tungkol sa mga organo, cadre at tauhan ng Partido; mga yunit at upisyal ng huk-

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*